# Pangkalahatang Impormasyon para sa SUN Bucks 2026



## Ano ang programang SUN Bucks?

Nagbibigay ang SUN Bucks ng $120 para sa bawat karapat-dapat na bata upang makabili ng mga grocery sa panahon ng tag-init kapag walang pasok sa paaralan. Ang mga SUN Bucks card ay tinatanggap sa mga lokasyon kung saan tinatanggap ang mga CalFresh EBT card. **Ang pagkuha ng SUN Bucks ay hindi makakaapekto sa katayuan sa imigrasyon ng iyong pamilya.**

## Awtomatikong Pagpapatala para sa SUN Bucks 2026

Ang mga batang may edad na 6-18 na tumatanggap ng CalFresh, CalWORKs, at/o Medi-Cal na may kita na katumbas o mas mababa sa 185% ng Pederal na Antas ng Kahirapan (Federal Poverty Level o FPL) ay awtomatikong makakatanggap ng SUN Bucks. Ang mga estudyanteng karapat-dapat para sa libre o may bawas na bayad sa pagkain sa paaralan batay sa kanilang paglahok sa mga pampublikong benepisyo o dahil sa kanilang katayuan bilang migrante, walang tirahan, o foster na kabataan ay awtomatikong makakatanggap din ng SUN Bucks.



## Paano Makakakuhang SUN Bucks?



Kung ang iyong anak ay hindi awtomatikong nakatala sa SUN Bucks, kailangan mong magsumite ng aplikasyon sa paaralan o distrito ng iyong anak **hanggang Agosto 31, 2026** upang malaman kung kwalipikado kayo.

Ang mga estudyanteng hindi tumatanggap ng tulong mula sa gobyerno at hindi tinutukoy ng kanilang paaralan bilang migrante, walang tirahan, o foster youth ay **kinakailangang** mag-apply upang matukoy kung sila ay karapat-dapat para sa SUN Bucks. Ang pagtanggap ng mga libreng pagkain sa paaralan ay **hindi** ginagarantiya ang pagpapatala sa SUN Bucks.

Ang mga batang tumatanggap ng Medi-Cal ay awtomatikong makakakuha lamang ng SUN Bucks kung ang kita ng kanilang pamilya ay nasa o mas mababa sa 185% ng FPL. Halimbawa, ang mga batang tumatanggap ng Medi-Cal at Supplemental Security Income (SSI/SSP), Tulong sa Pag-aampon (AAP), Tulong Pinansyal sa Pagiging Tagapangalaga ng Kamag-anak (KIN GAP) o Foster Care (FC) ay kailangang mag-apply dahil ang Medi-Cal ng mga pamilyang ito ay hindi sertipikadong nasa o mas mababa sa 185% ng FPL. Kung hindi ka sigurado, mag-apply.

## Mga Magiliw na Paalala:

- **Lumipat ka ba kamakailan? I-update ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan** sa paaralan ng iyong anak o opisina ng tagapangasiwa ng paaralan, ang iyong lokal na opisina ng mga serbisyong panlipunan ng iyong county, o sa BenefitsCal.com.
- **Iulat ang anumang mga problema sa card ng SUN Bucks sa Helpline ng SUN Bucks sa (877) 328-9677.** Ang isang pamilya ay hindi maaaring makakuha ng mahigit sa isang SUN Bucks card bawat bata, o makakuha ng SUN Bucks mula sa mahigit sa isang estado.
- **Mawawalan ng bisa ang SUN Bucks 122 araw pagkatapos ma-load sa card.** Hinihikayat ang mga pamilya na gastusin ang kanilang SUN Bucks bago ang mga benepisyo ng CalFresh. I-tsek ang mga detalye ng iyong balanse sa www.ebtedge.com.

## Gusto Mo Bang Mas Matuto Pa?

- Bisitahin ang www.cdss.ca.gov/sun-bucks o i-scan ang QR code.

CDSS

Ang institusyong ito ay isang tagapagbigay ng pantay na oportunidad. Ang SUN Bucks ay pinopondohan ng Department of Agriculture ng Estados Unidos, Serbisyo sa Pagkain at Nurtrisyon. 2026 | Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang: www.fns.usda.gov/summer.
www.cde.ca.gov/ls/nu/sf | SUNBucks@dss.ca.gov

DEPARTMENT OF EDUCATION · STATE OF CALIFORNIA